



PEÑARANDA WATER DISTRICT

Gomez St. Poblacion II, Peñaranda, Nueva Ecija

Telefax No. (044) 940-4049/940-0971

Email Add. pwd1987@yahoo.com.ph

PeñWD-CSF#004-20A

KAHILINGAN SA SERBISYO NG TUBIG

Pangalan ng Aplikante : ✓ _____ Edad : ✓ _____

Pangalan ng Asawa : ✓ _____ Edad : ✓ _____

Tirahan

Bahay Blg. : ✓ _____ Kalsada : ✓ _____

Purok Blg. : ✓ _____ Barangay : ✓ _____

Hanap-buhay

Mobile Number : ✓ _____

Aplikante : ✓ _____ Asawa : ✓ _____

Bilang ng Kasambahay : ✓ _____ (Anak, magulang, katulong, atbp.)

Lalaki: _____ Babae: _____

Edad 1-17 taong gulang : ✓ _____ Edad 1-17 taong gulang : ✓ _____

Edad 18 taon pataas : ✓ _____ Edad 18 taon pataas : ✓ _____

Bahay (lagyan ng Tsek) : Sariling Ari _____ Nangungupahan _____ Nakikitira _____

Lote (lagyan ng Tsek) : Sariling Ari _____ Nangungupahan _____ Nakikitira (specify) _____

I. MGA GASTUSIN

A. Service Connection Fee:

Meter Maintenance- P 900.00

Registration Fee - 150.00

Inspection Fee - 100.00

Installation Fee - 350.00

KABUUAN P 1,500.00

BINAYARAN

Resibo Blg. : _____

Petsa : _____

Halaga : _____

Lagda

Katungkulan

II. IBA PANG GASTUSIN

B. Horizontal Boring - P 1,200.00

C. Materyales - "Ang kabuuang tantiyang gastusin sa materyales ay ipababatid makaraang mainspeksyon ang tamang lokasyon."

Sumang-ayon :

✓ _____
Pangalan at Lagda ng Aplikante

Pinagtibay:

Engr. MARLON J. ABESAMIS

General Manager

Petsa : ✓ _____

Account No. : _____

METRO NG TUBIG

Gawa (Brand) : _____

Sukat (Size) : _____

Bilang (Serial No.) : _____

Unang Basa (Initial Reading) : _____

Petsa ng Pagkakabit : _____

Nagkakabit :

Tumanggap :

Pangalan at Lagda (Consumer)

Pangalan at Lagda

Post Inspected by:

Post Inspection Date

Pangalan at Lagda

KASUNDUAN SA SERBISYO NG TUBIG

Sa pamamagitan nito ay hinihiling ko ang serbisyo ng Peñaranda Water District (PeñWD); upang ako ay sustenahan ng tubig na panggamit sa _____ sa ilalim ng mga alituntunin at patakarang ipinairal nito at maaaring pairalin pa sa mga darating na panahon.

Ako, bilang Consumer, ay sumasang-ayon at nangangakong tatalima sa mga sumusunod na kondisyones:

1. Ang Consumer ay dapat magbayad muna ng mga kaukulang gastos sa pagpapakabit ng linya na nakasaad sa kasunduang ito kabilang na ang mga materyales na gagamitin bago makabitan ng serbisyo ng tubig.
2. Ang paggamit ng tubig ng Consumer ay babayaran niya ng buwanan, mahihinto lamang ito batay sa intindihan ng dalawang panig matapos mapagsabihan ang isa't-isa sa loob ng sapat na panahon.
3. Ang Consumer ay dapat magbayad ng buwanang halaga ng kanyang konsumo sa Tanggapan ng PeñWD sa loob ng labinlimang (15) araw makaraang matanggap ang tuos o kuwenta ng konsumo. Sakaling hindi niya mabayaran sa panahong nabanggit, ang Consumer ay papatawan ng dagdag na limang porsiyento (5%) ng halagang dapat bayaran, Kung sakali pa rin na hindi ito mabayaran sa loob ng tatlong (3) araw na dagdag palugit, ang PeñWD ay may karapatan ng putulin ang linya nito at alisan ng serbisyo ng tubig.
4. Ang Consumer na naputulan ng serbisyo ng tubig sa loob ng anim (6) na buwan sa kadahilanang di pagbabayad ng tubig ay kailangang mag-apply muli at magbayad ng Service Connection Fee sa halagang P1,500.00.
5. Ang kusang pagpapaputol ng serbisyo ng tubig (Temporary Disconnection) ay maaari lamang hanggang 3 buwan, at kung lalagpas dito ay kailangan nang mag-apply at magbayad ng Service Connection Fee na P1,500.00 upang maibalik ang serbisyo ng tubig.
6. Bilang may-ari ng bahay, tungkulin ng Consumer na ipatid sa PeñWD ang kanyang paglipat o pagbebenta ng bahay, kung sakali. Kung nakikitira o nangungupahan naman, tungkulin din niya na ipagbigay-alam sa PeñWD ang kanyang paglipat o pag-alis.
7. Papayagan ng Consumer ang sinumang kawani o manggagawa ng PeñWD na makapasok sa kanyang bakuran o tahanan man sa oras ng trabaho upang gampanan ang kanilang tungkulin at ito ay hindi ituturing na paglabag sa batas na sumasaklaw sa "Trespassing".
8. Ang pagkabalang o pagtigil sa serbisyo ng tubig na ang dahilan ay wala sa kontrol/kapangyarihan ng Pangasiwaan ng PeñWD ay hindi ituturing ng Consumer na pananagutan ito ng Pangasiwaan.
9. Ipinagbabawal sa Consumer ang pagkakabit ng linya buhat sa prinsipal na tubo (main pipeline) patungo sa bahay/bakuran niya nang hindi dadaan sa metro ng tubig. Gayun din, ipinagbabawal ang paggamit ng "booster pump" o anumang klase ng bomba para lamang mapalakas ang pasok ng tubig sa kanyang linya.
10. Hindi pahihintulutan ng Consumer ang pagkakabit ng linya patungo sa ibang bahay sa linya na nasasaklaw ng kanyang metro. Gayundin, hindi niya pahihintulutan ang pagbebenta ng tubig mula sa kanyang gripo o linya.
11. Sapagkat ang metro ay pag-aari ng PeñWD, pananagutan ng Consumer ang pagkawala nito kung ito ay nasa loob ng kanyang bakuran, pananagutan din ng Consumer ang pagkasira o pagkapinsala nito na likha ng di dapat na pakikialam o "tampering" upang hindi magrehistro ng tamang konsumo – nasa loob man o labas ito ng kanyang bakuran. Sakali namang ito ay mawala sa labas ng kanyang bakuran ay maghahati sa pananagutan ang PeñWD at Consumer. Gayundin sa pagkasira nito sa kaparaanang likha ng di-maiiwasan at di-inaasahang pangyayari (Force Majeure), nasa loob o labas man ito ng kanyang bakuran.
12. Ang anumang paglabag at di-pagsunod sa alinmang itinathana ng kasunduang ito, bahagi man o buwan, ay ituturing nang pagwawalang bisa rito at tuluyang nang ititigil ang serbisyo ng tubig sa Consumer. Gayundin, ang PeñWD ay magpapataw sa Consumer ng karampatang parusa sa pamamagitan ng multa o bayad-pinsala. Bukod dito, ang Pangasiwaan ay may karapatang magharap ng demanda sa hukuman laban sa kinauukulang Consumer.

Ang dalawang panig ay papailalim sa kapangyarihan ng Hukuman sakaling magkaroon sila ng usapin o hidwaan kaugnay ng kasunduang ito.

Sa katunayan ng lahat ng ito, ako na Consumer ay sumang-ayon at lumagda ngayong ika-_____ ng _____.

✓

Pangalan at Lagda ng Consumer

Mga Dapat Tandaan o Ihanda sa Pagpapakabit ng Serbisyo ng Tubig:

1. Dapat maihanda ang instalasyon ng linya ng tubig sa loob ng bakuran ng Consumer matapos ang isinagawang inspeksiyon. Ang mga materyales na gagamitin at ang pag-iinstalla nito ay responsibilidad na ng Consumer.
2. Isasagawa ang pagkakabit ng metro ng tubig matapos mabayaran ang kabuuang halaga ng materyales at aplikasyon.
3. Itatakda ang araw o petsa ng pagkakabit ng serbisyo ng tubig at ito ay "first come first serve basis".
4. Kung ang instalasyong paloob ng bakuran ay hindi naihanda ng Consumer hanggang sa itinakdang araw ng pagkakabit ng serbisyo, ang Peñaranda Water District ay may karapatang ipagpaliban at muling itakda ito sa ibang araw o petsa. Ang ahensya ay hindi maaaring papanagutin sa anumang pagkaantala dulot nito.
5. Kakailanganin ang Consumer o sinumang representante na titingin at tatanggap sa ikakabit na serbisyo ng tubig.

Ipinaliwanag Ni:

Sinang-ayunan Ni:

Petsa: _____

✓
Petsa: ✓ _____